

## **Muling Pagbubukas ng Lungsod ng New York: Madalas na Itinatanong (FAQ)**

### **Kailan ako dapat bumalik sa lugar ng trabaho?**

Nagpapatuloy na may transmisyong sa komunidad ng COVID-19 sa Lungsod ng New York (NYC). Ang pinakamahasag na paraan upang protektahan ang mga empleyado mo at iwasan ang pagkalat ng COVID-19 ay ipagpapatuloy ang mga polisiya sa pagtatrabaho ng malayuan hangga't maaari. Ang pagpapatuloy ng pagtatrabaho na malayuan ay makatutulong na protektahan ang mga tao na dapat magtatrabaho nang personal at tulongang panatilihing ligtas ang ating mga komunidad, lalo na ang mga komunidad na hindi puti na labis na naapektuhan ng COVID-19.

Isaalang-alang kung may iba pang pagbabago na maaari mong gawin sa mga operasyon mo upang hayaan ang maraming empleyado hangga't maaari na magtatrabaho sa bahay. Kung kailangan mong hilingan ang mga empleyado na umalis sa bahay upang magtatrabaho, repasuhin ang mga FAQ at ang mga kinakailangan sa "[New York Forward](#)" (Sulong New York), at ipatupad ang mga estratehiya ng pagbawas ng peligro upang mapanatiling ligtas ang mga empleyado mo sa COVID-19.

### **Anong mga rekurso ng NYC ang mayroon?**

- Ang NYC ay nagbibigay ng gabay at mga kasangkapan upang tumulong na panatilihin ang mga ligtas na kapaligiran, kasama ang karatula sa maraming wika.
- Ang NYC ay may mayamang programa na "[Test and Trace](#)" (Pag-test at Pagsubaybay) sa COVID-19 upang protektahan ka, mga empleyado mo, at mga mamimili mo. Para sa higit na impormasyon, tingnan ang "Pag-screen, Pag-test at Pagsubaybay sa Kontak" sa ibaba.
- Ang NYC ay may mga rekurso upang tulongan ka at mga empleyado mo na iakses ang mga rekurso sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang pangangalagang pangkalusugan sa isip. Para sa higit na impormasyon, tingnan ang "Akses sa Pangangalagang Pangkalusugan" sa ibaba.
- Naroroon ang mga kinatawan ng NYC sa komunidad upang tulongan ang mga negosyo na maunawaan ang kanilang mga obligasyon.

### **Pag-screen, Pag-test at Pagsubaybay sa Kontak**

#### **Paano ko dapat i-screen ang mga empleyado ko sa COVID-19?**

Hinihilingan ng Estado ng New York State (NYS) ang mga employer na magsagawa ng pag-screen na pangkalusugan sa empleyado. Repasuhin ang [Kasangkapan sa Pag-screen](#) ng Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng NYC (Kagawaran ng Kalusugan ng NYC) Paalalahanan ang kawani na subaybayang mabuti ang kanilang kalusugan at manatili sa bahay kung may sakit. Ang kawani na dumating upang magtatrabaho na may sakit o nagkasakit sa trabaho ay dapat ipadala sa bahay kaagad.

Dapat luwagan ng mga employer ang mga polisiya sa pagliban sa trabaho upang himukin ang kawani na manatili sa bahay hanggang sa matugunan nila ang mga pamantayan sa pagtapos ng pagbubukod sa sarili. Mahalaga rin na itaguyod ang pisikal na pagdidistansiya, mabuting kalinisan sa kamay at regular na paggamit ng mga pantakip sa mukha — ang mga pag-iingat na ito ay mahalaga upang magprotekta laban sa pagkalat ng COVID-19, lalo na kung may sakit ang isa ngunit walang mga sintomas.

### **Ano ang mga tuntunin sa pagiging kumpidensiyal ang lumalapat sa impormasyon na nalaman ko sa mga empleyado mula sa mga pag-screen?**

Dapat panatilihin ng employer ang medikal na impormasyon tungkol sa mga empleyado sa mga file na hiwalay sa ibang file ng tauhan. Dapat protektahan ng mga employer ang pagiging kumpidensiyal ng medikal na impormasyon. May ilang eksepsiyon sa kahilingan ng pagiging kumpidensiyal. Halimbawa, ang mga superbisor at tagapangasiwa ay maaaring mapabatiran ang nauukol sa mga kinakailangang paghihigpit sa trabaho o tungkulin ng isang empleyado at mga kinakailangang akomodasyon; ang mga tauhan sa pangunang lunas at kaligtasan ay maaaring mapabatiran, kapag angkop, kung may nangangailangan ng emergency na gamutan; at ang mga opisyal ng pamahalaan na nag-iimbestiga ng pagsunod sa pederal na batas sa diskriminasyon ay dapat mabigyan ng naaayong impormasyon kapag hiniling.

### **Ano ang mga opsyon na mayroon ang employer kung tumatanggi ang empleyado na ma-screen? Maaari ba silang tanggalin sa trabaho?**

Mahalaga na ipaliwanag sa mga empleyado na ang pag-screen ay inilagay upang protektahan sila, kanilang katrabaho at mamimili. Sagutin ang anumang mga tanong at alalahanin na maaaring mayroon sila. Kung tumatanggi ang isang empleyado na ma-screen, maaaring disiplinahan ng employer ang empleyado. Ang kalikasan ng disiplina ay dedepende sa mga polisiya ng employer at anumang mga karapatan na ibinigay sa ilalim ng mga kolektibong kasunduan sa paggawa.

### **Dapat ko bang panatilihin ang mga datos ng kalusugan sa pag-screen?**

Hinihilingan ng Estado ng New York ang mga negosyo na ipatupad ang mga sapilitang pagtatasa sa pag-screen ng kalusugan. Dapat idokumento ng mga negosyo na narepaso nila ang mga tugon sa mga pang-araw-araw na pagtatasa sa pag-screen sa kalusugan. Ipinagbabawal sa mga negosyo na magpanatili ng mga talaan ng mga datos sa kalusugan ng empleyado (hal. mga datos ng temperatura). Tingnan ang [Kasangkapan sa Pag-screen](#) at [modelong log](#) ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC para sa mga halimbawa ng pag-screen at dokumentasyon.

### **Ano ang programang Pag-test at Pagsubaybay ng NYC?**

Ang NYC Test and Trace Corp (Corp sa Pag-test at Pagsubaybay ng YC) ay nagpapadala ng libu-libong tagasubaybay ng kontak upang imbestigahan ang mga kaso ng COVID-19, at kilalanin at subaybayan ang mga malapit na kontak ng mga kasong iyon. Hinahayaan ng trabahong ito ang Lungsod na kaagad na ibukod at alagaan ang mga na-test na positibo para sa virus, at saka gawin ang pareho para sa kanilang mga malapit na kontak. Para sa higit na impormasyon,

pakibisita ang: [nychealthandhospitals.org/test-and-trace](https://nychealthandhospitals.org/test-and-trace).

**Sinasabi ng gabay ng Estado na “Dapat kaagad abisuhan ng mga responsableng panig ang kagawaran sa kalusugan ng Estado at lokal tungkol sa kaso kung ang mga resulta ng test ay positibo sa COVID-19.” Paano ko aabisuhan ang kagawaran ng kalusugan ng Lungsod?**

Maaari mong i-email ang NYC Test and Trace Corps (Corps sa Pag-test at Pagsubaybay ng NYC) sa [CovidEmployerReport@nychhc.org](mailto:CovidEmployerReport@nychhc.org).

**Hinihilingan ba ang mga empleyado na alertuhan ang mga employer kung may o maaaring mayroon silang COVID-19?**

Ang mga indibidwal na may COVID-19 ay uutusan ng NYC Test and Trace Corps (Corps sa Pag-Test at Pagsubaybay ng NYC) na ibukod ang sarili sa bahay, at dapat alertuhan ang kanilang employer. Sa panahon ng yugto ng pagbubukod ng sarili hindi dapat silang umalis sa bahay bagaman maaari silang magtrabaho sa bahay kung pakiramdam nila kaya nila.

**Dapat bang abisuhan ng mga negosyo ang ibang kawani kung na-test na positibo ang isang empleyado sa COVID-19?**

Maaari mong abisuhan ang ibang kawani o mga mamimili/kliyente na maaaring nahawa, pero hindi ibabahagi ang pangalan ng empleyado na na-test na positibo. Ipaliwanag sa mga empleyado at mga mamimili/kliyente na dapat mong protektahan ang pagkapribado ng empleyado at hindi mo maaaring talakayin ang mga medikal na kondisyon ng partikular na empleyado. Tatangkain ng NYC Test and Trace Corps (Corps sa Pag-test at Pagsubaybay ng NYC) na kapanayamin ang lahat ng mga tao na na-diagnose na may COVID-19 upang kilalanin ang mga malapit na kontak na potensiyal na nahawa. Uutusan ang mga malapit na kontak na ito na magpa-test at ibukod ang sarili base sa kanilang pagkahawa. Kung nag-aalala ang isang tao na nahawa sila sa isang kaso pero hindi pa kinontak ang tao ng NYC Test and Trace Corps (Corps sa Pag-test at Pagsubaybay ng NYC), maaaring kausapin ng tao ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan upang talakayin ang mga opsiyon sa pag-test o bisitahin ang [nychealthandhospitals.org/test-and-trace/testing](https://nychealthandhospitals.org/test-and-trace/testing).

**Kailan maaaring bumalik sa trabaho ang isang empleyado na na-test na positibo sa COVID-19 o nagkaroon ng mga sintomas na naaayon sa COVID-19 pagkatapos ng pagbubukod sa sarili?**

Base sa gabay sa Muling Pagbubukas ng NYS, hindi dapat bumalik sa trabaho ang kawani hanggang sa lumipas ang hindi bababa sa 10 araw mula noong nagsimula ang kanilang mga sintomas, o kung walang mga sintomas na lumitaw, 10 araw pagkatapos ng kanilang unang positibong test.

**Ano ang dapat kong sabihin kapag nagpapauwi ng isang manggagawang may sakit upang maiwasan na magipit o madiskrimina sila ng mga katrabaho?**

Hindi mo dapat isiwalat sa iba na pinapauwi ang manggagawa. Impormasyon sa kalusugan ay kumpidensiyal at hindi dapat na isiwalat sa ibang mga empleyado. Sabihin sa mga katrabaho na paglabag ito sa Batas ng mga Karapatang Pantao ng NYC na gipitin o idiskrimina ang isang empleyado dahil sa isang medikal na kondisyon tulad ng COVID-19.

**Dapat bang hilingan ang isang empleyado na lumiban sa sakit na kumuha ng diagnostic o antibody na test sa COVID-19 bago bumalik sa trabaho?**

Hindi, walang kinakailangan na pag-test sa pagbabalik sa trabaho. Gayunman, inirerekomenda ng NYC na ang lahat ng mga New Yorker na tumanggap ng diagnostic na pag-test sa COVID-19 kung may mga sintomas sila o wala o nasa tuminding peligro. Hindi kasalukuyang inirerekomenda na ang mga dating na-test na positibo ay magpa-test muli, malibang pinayuhan sila na gawin ito ng gabay sa pampublikong kalusugan o kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

**Kung na-test na positibo sa COVID-19 ang isang empleyado, paano namin dapat linisin ang kanilang lugar ng trabaho at ang buong lugar ng negosyo?**

Linisin at idisimpekta ang lahat ng lugar, tulad ng mga opisina, banyo, karaniwang lugar, pinagsasaluhang elektronikong gamit tulad ng mga tablet, touch screen, keyboard. Sundin ang [gabay](#) sa paglilinis at pagdidisimpekta.

**Kung na-test na positibo sa mga antibody sa COVID-19 ang isang empleyado, ibig sabihin ba nito na hindi na sila maaaring magkaroon muli ng impeksiyon?**

Hindi pa natin alam kung ang pagkakaroon ng mga antibody sa COVID-19 ay ibig sabihin na ang tao ay may tatagal na resistensiya. Hindi mo dapat ibukod ang isa sa trabaho o gumawa ng ibang mga desisyon sa trabaho base sa resulta ng test sa antibody.

**Pananatili sa Bahay kung May Sakit**

**Marami sa aking mga empleyado ay hindi maaaring magbukod ng sarili sa bahay. Ano ang mga rekurso na inaalok ng Lungsod?**

Ang mga New Yorker na may COVID-19 o nakatira kasama ng isa na mayroon nito at hindi maaaring ibukod ang sarili sa bahay ay maaaring manatili sa isang hotel nang walang bayad. Ibahagi ang impormasyon sa mga empleyado mo tungkol sa Programa ng Hotel sa COVID-19 ng NYC na mayroon sa [nychealthandhospitals.org/test-and-trace/take-care](https://nychealthandhospitals.org/test-and-trace/take-care).

**Nagamit na ng empleyado ko ang kanilang bayad na pagliban sa trabaho dahil sa pagkakasakit pero may mga sintomas ng COVID-19 o nakumpirma na may COVID-19. Magbibigay ba ang pamahalaan ng mga sahod sa pagliban sa trabaho dahil sa pagkakasakit sa kanila?**

Para sa impormasyon tungkol sa Bayad na Pagliban sa Trabaho dahil sa Pagkakasakit, bisitahin ang [nyc.gov/health](https://nyc.gov/health) at hanapin ang "Paid Sick Leave Commissioner's Order" (Utos ng Komisioner sa Bayad na Pagliban sa Trabaho dahil sa Pagkakasakit) at "Paid Sick Leave FAQ" (FAQ sa Bayad na Pagliban sa Trabaho sa Pagkakasakit). Maaari mo ring bisitahin ang [NYC DCWP](#) para sa higit na impormasyon.

Dapat alam ng mga employer na may obligasyon sila sa ilalim ng mga Batas sa Karapatang Pantao ng Lungsod ng New York at Estado ng New York, at sa ilalim ng Batas sa mga Amerikano na may mga Kapansanan, na magbigay ng makatuwirang akomodasyon sa mga empleyado na may "mga kapansanan" (na kasama ang mga medikal na kondisyon). Ang panahon sa pagliban

sa trabaho ay isang anyo ng makatuwirang akomodasyon. Hindi kinakailangan ng mga batas sa diskriminasyon na ito na ibigay ang pagliban sa trabaho na may bayad, pero maaari nilang hilingin sa employer na hayaan ang higit pang panahon sa pagliban sa trabaho na hindi bayad kaysa sa ibinibigay ng polisiya ng employer (at higit kaysa kinakailangan sa ilalim ng Batas sa Pagliban sa Trabaho na Pampamilya at Medikal), kung maaari silang gawin nang hindi nagdudulot ng hindi nararapat na pasanin sa empleyado.

**Aakuin ko ba ang anumang pananagutan kung sumusunod ang negosyo ko sa lahat ng mga kinakailangan at nahahawa pa rin ang mga empleyado at/o mamimili ng COVID-19?**

Alamin sa iyong tagabigay ng insurance at abogado na nauukol sa mga alalahanin sa pananagutan.

**Akses sa Pangangalagang Pangkalusugan at Suporta sa Kalusugan ng Isip**

**Ang ilan sa mga empleyado ko ay walang doktor. Saan ko sila maaaring isangguni?**

- Ipamahagi ang kasalukuyang direktoryo ng tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan para sa plano ng insurance sa kalusugan ng iyong kompanya upang tulungan ang mga empleyado na humanap ng pangangalaga.
- Kung ikaw ay isang maliit na negosyo at hindi nagbibigay sa mga empleyado ng insurance, ipabatid sa mga empleyado na maaari silang tumawag sa **311** upang humanap ng libre o murang pangangalagang pangkalusugan.
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa libreng [pag-test sa COVID-19](#).
- Magbigay ng impormasyon tungkol sa [kung ano ang gagawin kapag may sakit](#).

**Marami sa aming mga empleyado ay nawalan ng mga kaibigan o pamilya sa COVID-19. Anong mga rekurso sa kalusugan ng isip ang mayroon?**

Palakasin ang loob ng empleyado mo na natural ang mapuspos, malungkot, mabalisa at matakot, o makaranas ng iba pang mga sintomas ng paghihirap, gaya ng kahirapang makatulog. Bisitahin ang “[App Library](#)” (Aklatan ng App) sa [nyc.gov/nycwell](#) para sa mga online tool upang matulungan kang mapangasiwaan ang iyong kalusugan at emosyonal na kagalingan. Maaaring makipag-ugnay ang kawani sa mga counselor sa NYC Well, isang libre at kumpidensiyal na serbisyong sumusuporta sa kalusugan ng isip. Naririto ang kawani ng NYC Well ng 24/7, at makakapagbigay ng maikling counseling at mga referral sa pangangalaga.

- Tumawag sa 888-692-9355.
- Makipag-chat online sa [nyc.gov/nycwell](#).

Ang Helpline ng Emosyonal na Suporta sa COVID-19 ng Estado ng New York ay mayroon din at may kawani na mga espesyal na sinanay na boluntaryong propesyonal. Naroroon sila upang makinig, sumuporta at mag-alok ng mga referral sa pangangalaga mula 8 a.m. hanggang 10 p.m., pitong araw bawat linggo sa 844-863-9314.

Isaalang-alang ang mga paraan para sa lugar mo ng trabaho na kilalanin ang mga empleyado na pumanaw, tulad ng pagsasagawa ng sandali ng tahimikan, paglikha ng online na pahina para sa

mga pag-aalala o pagdaraos ng mga pagtitipon na malayuan upang ibahagi ang mga parangal. Kung ano ang angkop ay dedepende sa mga salik tulad ng kultura sa lugar ng trabaho at ang mga kagustuhan ng pamilya.

## **Pisikal na Pagdidistansiya**

### **Dapat bang magpatuloy na magtrabaho sa malayuan ang mga empleyado ko kung maaari?**

Oo. Ang mga polisiya sa pagpapatuloy ng trabaho sa bahay (telework) ay tutulong sa NYC na bawasan ang transmisyong COVID-19 at tulungang protektahan ang mga manggagawa na dapat pumunta sa lugar ng pinagtatrabahuhan upang gawin ang kanilang trabaho.

### **Ang mga empleyado ko ay hindi maaaring magtrabaho sa bahay. May iba bang paraan upang bawasan ang numero ng mga tao sa lugar na pinagtatrabahuhan?**

Oo. Bawasan ang numero ng mga manggagawa sa lugar sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga oras at araw ng trabaho. Kapag mas kakaunti ang mga tao sa lugar mas madaling panatilihin ang pisikal na pagdidistansiya.

### **Kailangan bang gawin ng mga empleyado ko ang pisikal na pagdidistansiya sa trabaho? Gaano tatagal ang mga protocol ng pisikal na pagdidistansiya?**

Oo, dapat sundin ng mga empleyado ang pisikal na pagdidistansiya. Kritikal ang pisikal na pagdidistansiya sa pagpigil ng pagkalat ng COVID-19. Kahit na inalis ang iba pang paghihigpit, mahalaga pa rin na ipagpatuloy ang pagsasagawa ng pisikal na pagdidistansiya, paggamit ng mga pantakip sa mukha at mabuting kalinisan sa kamay. Subaybayan ang mga abiso mula sa NYS at NYC upang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga mandato ng pisikal na pagdidistansiya.

### **Ano ang dapat kung gawin kung, dahil sa kalikasan ng kanilang trabaho at pisikal na lugar ng trabaho, ang mga empleyado ko ay hindi kayang pisikal na ilayo ang sarili nila sa iba?**

Kung ang kawani ay maaaring nasa loob ng 6 feet ng iba, dapat silang magsuot ng pantakip sa mukha. Bilang karagdagan, lubos na inirerekomenda na magsuot ang lahat ng pantakip sa mukha hangga't maaari kapag nasa pinagsasaluhang espasyo sa loob, kahit na maaaring panatilihin ang pisikal na distansiya. Para sa trabaho sa opisina at iba pang trabaho na hindi nangangailangan ng direktang pakikitungo na harapan sa mga mamimili o iba, isaalang-alang ang pagpayag sa ilan o lahat ng kawani na mag-telework. Kung hindi opsiyon ang mag-telework, gumawa ng maraming espasyo hangga't maaari sa pagitan ng mga empleyado. Isaayos ang mga turno sa trabaho upang bawasan ang numero ng mga empleyado na naroroon sa anumang pagkakataon. Paghiwalayin ang mga mesa kung maaari. Gawin ang mga silid sa pagpupulong na mga espasyo ng trabaho. Hilingan ang kawani para sa mga ideya. Maging malikhain!

**May mga pananggalang o protocol na dapat kong ipatupad sa mga lugar na marami ang dumadaan? Halimbawa, ilang indibidwal ang dapat payagan sa isang elevator nang sabay-sabay?**

Kung maaari, ayusin ang mga lugar na marami ang tao upang maisagawa ang pisikal na pagdidistansiya. Kung ang mga masikip na espayo, tulad ng mga elevator, ay inookupahan ng higit sa isang tao nang sabay-sabay, panatilihin ang dami na mababa sa 50% ng maximum na kapasidad at ang mga sumasakay ay dapat magsuot ng mga pantakip sa mukha. Magpaskil ng mga karatula sa mga lugar ng elevator na isinasaad ang numero kada elevator car, na inuutusan ang mga tao na maghintay sa susunod na elevator kung naabot na ang numerong iyan, at upang magsuot ng mga pantakip sa mukha. Himukin ang kawani na gamitin ang mga hagdanan.

Pangasiwaan ang mga linya sa loob at sa labas. Maglagay ng tape o iba pang palatandaan upang ipakita sa mga tao kung saan tatayo nang sa gayon 6 feet ang layo nila sa tao sa magkabilang tabi nila. Mag-iwan ng sapat na espasyo sa mga tao na dumadaan. Magpaskil ng mga karatula na nagpapaalala sa mga naghihintay na mamimili ng mga kahilingan sa pisikal na pagdidistansiya.

**Maaari ba akong magkaroon ng mga pagpupulong sa personal? May maximum na numero ba sa mga dadalo sa pagpupulong?**

Gumamit ng mga alternatibong paraan upang magkita, tulad ng mga komperensiya sa telepono at video, hangga't maaari. Panatilihin ang mga pagpupulong sa personal sa maliit na numero ng kawani, gumamit ng mas malalaking silid na pankomperensiya o hantad na espasyo upang magkita, at panatilihin ang pagdidistansiya ng hindi bababa sa 6 feet.

**Paano makikitungo ang kawani — tulad ng mga nasa bodega o stockroom — sa mga manggagawang naghahatid o ibang dumarating sa bodega?**

Kapag nakikitungo sa mga manggagawang naghahatid, dapat sundin ng mga empleyado ang lahat ng mga pag-iingat na ginagawa na nila sa trabaho — pagpapanatili ng distansiya hangga't maaari, pagsusuot ng mga pantakip sa mukha, at regular na paghuhugas ng kanilang kamay at pag-iwas sa paghawak ng kanilang mukha. Ipatupad ang iba pang pag-iingat tulad ng paghiling sa mga driver na manatili sa sasakyan at pagpapahintulot sa mga empleyado na gamitin ang kanilang sariling bolpen kapag naglalagda para sa mga padala.

**Magsuot ng mga Pantakip sa Mukha**

**Kinakailangan ba ng mga empleyado ko na magsuot ng pantakip sa mukha sa trabaho?**

Dapat magsuot ang mga empleyado ng pantakip sa mukha kung hindi nila mapapanatili ang hindi bababa sa 6 feet na distansiya sa pagitan nila at iba, at lubos na hinihimok sila na isuot nila sa lahat ng pagkakataon kapag nasa loob ng isang gusali kasama ng ibang tao, kahit na mapapanatili ang 6 feet na distansiya.

Kung ang empleyado na hindi kayang tiisin ang pantakip sa mukha ay may trabaho na hindi maaaring gawin habang pinapanatili ang pisikal na distansiya, hinihilingan ka ng Batas sa mga Karapatang Pantao ng Lungsod na magkaroon ng matimtimang pakikipag-usap sa empleyado

kung may makatuwirang akomodasyon na maaari mong gawin na hindi magdudulot sa iyong negosyo ng hindi nararapat na pasanin. Halimbawa, maaari mong muling italaga ang empleyado sa isang posisyon na hindi nangangailangan ng malapit na pakikitungo sa iba, o maaari mong alukin ang empleyado ng oportunidad na mag-telecommute. Kung hindi gumagana ang ibang opsiyon, maaari kang magbigay ng pagliban sa trabaho.

### **Kailangan ko bang magbigay ng mga pantakip sa mukha sa mga empleyado o kailangan ng mga empleyado na tustusan ang kanilang sarili?**

Kailangan mong magbigay ng mga pantakip sa mukha nang walang bayad sa mga empleyado mo. Palaging panatilihin ang sapat na panustos. Maaari mong payagan ang mga empleyado na magdala at magsuot ng sarili nilang mga pantakip sa mukha kung natutugunan nila ang mga minimum na pamantayan. **Hindi** dapat gamitin ang isang pantakip sa mukha na may balbulang labasan at pasukan ng hangin bilang pantakip sa mukha yamang hinahayaan nito ang hindi nasasalang inihingang hangin na malanghap ng iba. Maaaring makakuha ang maliliit na negosyo ng mga pantakip sa mukha nang libre. Upang malaman ang higit pa, bisitahin ang [nyc.gov/nycbusiness/article/free-face-coverings](https://nyc.gov/nycbusiness/article/free-face-coverings).

### **Paano ko dapat pangasiwaan ang isang mamimili, kliyente, o bisita na tumatangging sumunod sa mga tuntunin ng pisikal na pagdidistansiya at pantakip sa mukha?**

Sa ilalim ng Utos ng Ehekutibo ng NYS 202.34, maaaring maglagay ang isang negosyo ng mga mas mahigpit na tuntunin para sa mga mamimili tungkol sa pagsusuot ng mga pantakip sa mukha, kasama ang pagtangga ng serbisyo sa mga hindi nagsusuot ng mga pantakip sa mukha. At maaari silang magpaskil ng mga karatula upang turuan ang mga mamimili tungkol sa Utos ng Ehekutibo ng NYS na humihiling sa mga tao na magsuot ng pantakip sa mukha kapag nasa labas ng bahay kung hindi mapapanatili ang pagdidistansiya. Kung tumatangga ang isang mamimili na sundin ang mga tuntunin ng negosyo, kasama ang mga tuntunin sa mga pantakip sa mukha at pisikal na pagdidistansiya, maaari mong hilingin sa tao na umalis.

Gayunman, kung sinasabi ng indibidwal na hindi sila maaaring magsuot ng pantakip sa mukha dahil mayroon silang kapansanan, dapat mong talakayin sa indibidwal kung may paraan upang magbigay ng makatuwirang akomodasyon na hindi magdudulot sa iyo ng hindi nararapat na pasanin. Dapat mong subukan na magbigay ng mga alternatibong areglo na magagawa ng negosyo mo, kawani mo, at ibang mamimili mo. Ang mga areglong ito ay nagbabago base sa kakayahan ng bawat negosyo na gumawa ng mga akomodasyon nang hindi lumilikha ng pasanin sa negosyo. Kung may emergency na sitwasyon o kondisyon na maaaring magdulot ng panganib sa buhay o personal na ari-arian, tumawag sa **911**.

### **Ano ang itinuturing na “katanggap-tanggap” na pantakip sa mukha?**

Pakitingnan ang FAQ na ito na may kinalaman sa mga pantakip sa mukha.

[www1.nyc.gov/assets/doh/downloads/pdf/imm/covid-19-face-covering-faq.pdf](https://www1.nyc.gov/assets/doh/downloads/pdf/imm/covid-19-face-covering-faq.pdf).

### **Kung nagsusuot ang mga empleyado ng mga pantakip sa mukha, kailangan ba nilang magpanatili ng 6 feet na distansiya sa pagitan nila at ng iba?**



Hindi dapat balewalain ng paggamit ng mga pantakip sa mukha ang pangangailangan sa pisikal na pagdidistansiya. Dapat manatili ang mga empleyado na hindi bababa sa 6 feet ang layo sa iba sa tuwing maaari, kahit na nagsusuot ng pantakip sa mukha.

**Maaari ko bang hilingan ang mga empleyado na magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng pagkakataon, kahit na pinanatili ang pisikal na pagdidistansiya?**

Oo. Sa pangkalahatan, ang kahilingan ay magsuot ng mga pantakip sa mukha kapag hindi maaaring magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa 6 feet ang layo sa iba. Lubos na inirerekomenda na magsuot ng pantakip sa mukha ang mga tao hangga't maaari kapag nasa isang pinagsasaluhang espasyo sa loob ng isang gusali sa labas ng kanilang bahay, tulad ng mga opisina at iba pang lugar ng trabaho. Maaaring maglagay ang mga empleyado ng mas mahigpit na polisiya at hilingin ang paggamit ng mga pantakip sa mukha kahit na napanatili ang 6 feet ng distansiya sa pagitan ng mga tao. Gayunman, tulad ng ipinaliwanag sa itaas, kung sinasabi ng indibidwal na hindi sila maaaring magsuot ng pantakip sa mukha dahil mayroon silang kapansanan, dapat mong talakayin sa indibidwal kung may paraan na maaari mong ibigay ang isang makatuwirang akomodasyon na hindi magdudulot sa iyo ng hindi nararapat na pasanin.

Maaaring may iba't ibang kinakailangan depende sa industriya. Tingnan ang "[NY Forward](#)" (Sulong NY) para sa mga detalye.

**Paano kung tumatangi ang empleyado ko na magsuot ng pantakip sa mukha dahil hindi nila gustong gawin ito?**

Turuan ang lahat ng empleyado tungkol sa kahalagahan ng pagsusuot ng mga pantakip sa mukha. Kung tumatangi ang isang empleyado na magsuot ng pantakip sa mukha sa mga pagkakataon na hinihiling ng mga utos ng Gobernador at Alkalde o polisiya ng employer na gawin ng empleyado ito, at walang medikal na dahilan sa pagtangi, maaaring magpataw ang employer ng disiplina.

**Dapat ba akong gumamit ng mga pantakip sa mukha na may balbula na labasan at pasukan ng hangin?**

Hindi. Ang isang pantakip sa mukha na may balbula na labasan at pasukan ng hangin ay hinahayaang lumabas ang hindi nasalang inihingang hangin na malanghap ng iba, na ginagawang hindi ganoon kaepektibo ang pantakip sa mukha.

**Ilang pantakip sa mukha ang dapat kong ibigay sa bawat manggagawa?**

Ibigay sa mga empleyadoo ang maraming pantakip sa mukha na disposable o maraming pantakip na gawa sa tela upang masiguro na mayroon silang malinis, walang sirang pantakip sa mukha bawat araw.

**Mga Protocol sa Mabuting Kalinisan sa Kamay at Paglilinis**

**Naging bakante ang espasyo ng opisina ko matagal-tagal na. May mga espesyal na paghahanda sa paglilinis ba ang dapat kong gawin bago bumalik ang mga empleyado ko?**

Bago bumalik sa lugar ng trabaho, magsagawa ng karaniwang paglilinis at pagdidisimpekta na may espesyal na tuon sa mga madalas na hinahawakang ibabaw at bagay tulad ng mga knob ng pinto, hawakan at gripo. Kung ang gusali ay may mga sistema tulad ng sirkulasyon ng hangin o tubig, sundin ang mga rekomendasyon ng gumawa sa muling pagsisimula ng sistema pagkatapos ng pinalawig na kawalan ng gawain.

**Naging bakante ang espasyo ng negosyo ko ng ilang panahon. Ligtas ba ang tubig sa mga empleyado at iba na inumin?**

Kung naging bakante o may mababang bilang ng nakatira ang gusali, ang tubig sa tubo ay malamang na maging hindi napapalitan. Ang tubig na hindi napapalitan ay maaaring lumikha ng mga peligro sa mga nakatira sa gusali. Makipag-usap sa tagapangasiwa ng gusali mo tungkol sa mga hakbang na ginawa upang tugunan ang mga peligrong ito sa pamamagitan ng pagpapalit sa hindi napapalitan tubig ng sariwang tubig mula sa panustos ng tubig ng munisipyo. Maaaring matagpuan ang detalyadong gabay sa mga may-ari, tagapangasiwa, inhinyero, operator at superintendent ng gusali sa "[Guidance for Returning Building Water Systems to Service After Prolonged Shutdown](#)" (Gabay sa Pagbabalik ng mga Sistema ng Tubig sa Serbisyo Pagkatapos ng Matagal na Pagkakasara).

**Dapat ba akong magbigay ng hand sanitizer na hindi mahahawakan?**

Oo. Ang paglalagay ng hand sanitizer na hindi mahahawakan na may hindi bababa sa 60% alkohol sa lahat ng mga lugar kung saan may mga pinagsasaluhang ibabaw, kagamitan at kasangkapan ay isang magandang paraan upang itaguyod ang mabuting kalinisan sa kamay sa kawani, kliyente, bisita at mamimili mo.

**Dapat bang magsuot ang kawani ko ng mga guwantes?**

Ang paggamit ng karaniwang guwantes ay hindi inirerekomenda. Ipinapaliwanag ng [CDC](#) na sa pangkalahatan ang mga guwantes ay angkop kapag naglilinis o nag-aalaga ng isang may sakit. Sa karamihan ng ibang sitwasyon, ang pagsusuot ng mga guwantes ay hindi kinakailangan at maaaring pa ngang magtungo sa pagkalat ng mga mikrobyo. Ang pinakamahasag na paraan upang protektahan ang sarili mo ay ang regular na paghugas ng mga kamay mo ng sabon at tubig sa loob ng 20 segundo o gumamit ng hand sanitizer na may hindi bababa sa 60% alkohol.

**Gaano kadalas ko dapat linisin ang mga karaniwang espasyo tulad ng mga silid sa pagpupulong, kusina at banyo?**

Gawin ang regular na paglilinis at pagdidisimpekta nang hindi bababa sa bawat araw at mas madalas na paglilinis at pagdidisimpekta sa mga pinagsasaluhang bagay (tulad ng mga kasangkapan), madalas na hawakang ibabaw, at lugar na marami ang dumadaan tulad ng mga banyo at karaniwang lugar. Mga halimbawa ng mga ibabaw at bagay na madalas hawakan ang mga mesa sa pagpupulong, armrest ng upuan, knob ng pinto, hilahan ng aparador, hawakan sa pinto ng refrigerator, gripo, banyo at switch ng ilaw. Tingnan ang [Gabay sa Paglilinis](#).

Ang mga kagamitan na pag-aari at kontrolado ng employer tulad ng matigas na sombrero at pananggalang sa mukha, ay dapat na linisin sa katapusan ng bawat turno ng trabaho. Linisin at idisimpekta ang loob ng kagamitan, saka ang labas, saka hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig.

Himukin ang mga manggagawa na nagmamay-ari ng mga sarili nilang matigas na sombrero at kasangkapan na sundin ang parehong protocol sa paglilinis, kasama ang pagbibigay ng mga angkop na produkto sa paglilinis at sanitasyon. Hayaan ang bayad na oras sa trabaho na tapusin ang gayong paglilinis.

### **Maaari bang ikalat ng sistema ng bentilasyon ang COVID-19? Ano ang mga hakbang na maaari kong gawin upang protektahan ang mga empleyado at iba?**

Limitado ang kasalukuyang ebidensiya at hindi nagmumungkahi na ang hangin na pumapasok sa sistema ng bentilasyon ay magkakatatagan ng virus. Gayunman, ang malakas na paggalaw ng hangin sa mga espasyo mula sa mga yunit ng air conditioning, tubo ng pumapasok na hangin o bentilador (mga bentilador na personal o pangkuwarto) ay maaaring pagalawin ang mga droplet na lampas sa 6 feet. Isaalang-alang ang:

- Pagpapatuloy sa mga labasan ng hangin at bentilador na umikot papataas mula sa pinagmumulan
- Pagpuwesto sa mga empleyado at mamimili upang sa gayon hindi sila tuwirang nasa harap ng pagdaloy ng hangin
- Sa mga silid na may malakas na pagdaloy ng hangin, paghiling sa mga empleyado na magsuot ng mga pantakip sa mukha kahit na nasa 6 o higit pang feet sa iba.

Gayundin, gawin ang mga hakbang na ito upang bumuti ang bentilasyon tulad ng angkop sa iyong espasyo:

- Pataasin ang porsiyento ng hangin sa labas, kasintaas ng 100% (kumpirmahin muna ang pagiging akma nito sa mga kakayahan ng sistema ng HVAC kapwa para sa kontrol ng temperatura at humidity pati ang pagiging akma nito sa mga konsiderasyon sa kalidad ng hangin sa labas/loob).
- Pataasin ang kabuuang panustos ng daloy ng hangin sa mga inookupahang espasyo kung maaari.
- Huwag paganahin ang mga kontrol ng demand-control ventilation (DCV) na binabawasan ang panustos ng hangin base sa temperatura o pagkakaroon ng tao sa lugar.
- Isaalang-alang ang paggamit ng natural na bentilasyon (halimbawa ang pagbubukas ng mga bintana kung maaari at ligtas na gawin) upang pataasin ang paghahalo ng daloy ng hangin sa labas sa hangin sa loob kapag pinapayagan ng mga kondisyon ng kapaligiran at kinakailangan ng gusali.
- Pagbutihin ang sentral na pagsala sa hangin nang mataas hangga't maaari (MERV 13 o 14) nang hindi kapansin-pansing binabawasan ang idinisenyong daloy ng hangin.
  - Suriin ang lagayan at mga rack ng filter upang masiguro na akma ang filter at tinitingnan ang mga paraan upang bawasan ang pag-iwas sa filter.

- o Isaalang-alang ang pagpapatakbo ng sistema ng bentilasyon kahit na sa panahon na hindi ginagamit upang isagad nang husto ang bentilasyon ng paghahalo ng hangin sa labas ng hangin sa loob.
- o Siguruhin na ang mga exhaust fan sa mga pasilidad ng banyo ay gumagana at tumatakbo sa ganap na kapasidad kapag ginagamit ang lugar.

### **Paano namin dapat pangasiwaan ang mga padala na tinanggap sa koreo?**

Gawin ang mabuting kalinisan sa kamay kapag nangangasiwa ng koreo kasama ang mga padala.

## **Komunikasyon at Pagsasanay**

### **Saan ako makahahanap ng mga karatula upang paalalahanan ang mga empleyado ko tungkol sa mga protocol ng kaligtasan sa COVID-19?**

May mga libreng karatula ang Kagawaran ng Kalusugan ng NYC sa maraming wika. Tumawag sa **311** o mag-download sa [www1.nyc.gov/site/doh/covid/covid-19-posters-and-flyers.page](http://www1.nyc.gov/site/doh/covid/covid-19-posters-and-flyers.page):

- o Iwasan ang Pagkalat
- o Pisikal na pagdidistansiya
- o Hugasan ang mga kamay mo
- o Takpan ang ubo mo

### **Paano ko dapat sanayin ang mga empleyado ko sa mga protocol ng kaligtasan sa COVID-19?**

- Subaybayan kung gaano kabuti ang pagpapatupad ng kawani mo sa mga protocol ng kaligtasan sa COVID-19.
- Ipaskil ang plano ng kaligtasan sa isang lugar kung saan marerepaso ito ng mga empleyado. Ipamahagi ang plano sa mga empleyado mo upang sa gayon alam nila kung ano ang aasahan.
- Ulitin ang pagsasanay at edukasyon tulad ng kinakailangan. Magkaroon ng mekanismo para sa mga empleyado na magtanong at magsabi ng mga alalahanin.
- Siguruhin na sanayin ang mga bagong manggagawa, intern, boluntaryo, pansamantalang manggagawa at kontratista. Gumamit ng maraming paraan ng mga komunikasyon: email, pagpaskil sa mga bulletin board, anunsiyo.
- Makipag-usap sa mga wika na nauunawaan ng mga empleyado.

### **May pamantayan ba sa pagiging nakikita o laki para sa mga karatula na iminungkahi sa gabay?**

Walang kinakailangan na nauukol sa laki ng mga karatula. Ipaskil ang mga karatula na madaling makita at mabasa ng mga manggagawa, mamimili at kliyente. Ang mga karatula ay ginawa upang ipaalala sa mga tao ang tungkol sa mga gawi sa pagpigil sa COVID-19 at gawin itong madali sa kanilang maunawaan ang mga kinakailangan at pinakamahusay na gawi.

## **Pag-commute, Pagbiyahe, at mga Bisita**

**Maaari bang sumakay ang mga empleyado ko sa pampublikong transportasyon papunta sa trabaho?**

Hayaan ang mga empleyado na mag-telecommute kung pinapayagan ng trabaho. Himukin ang kawani na maglakad o magbisikleta papunta sa trabaho. Gumawa ng mga isinaayos na iskedyul upang suportahan ang kawani na mag-commute sa pamamagitan ng subway o bus upang sa gayon maiwasan nila ang mga umpukan ng mga tao. Maglagay ng mga naibabagay na polisiya sa pagiging huli upang sa gayon hayaan ng mga empleyado ang siksikang subway, habang pinaaalalahanan ang mga empleyado na maglaan ng ekstrang oras para sa pag-commute.

**Maaari bang magbiyahe ang mga empleyado ko dahil sa trabaho?**

Itaguyod ang paggamit ng videoconferencing o teleconferencing tuwing maaari para sa mga pagpupulong at pagtitipon na karaniwang mangangailangan ng pagbiyahe. Isaalang-alang ang pagkansela, pag-areglo o pagpapaliban sa mga pagpupulong o pagtitipon na nauukol sa trabaho na maaari maganap lang sa personal.

**Kailan muling magbubukas ang mga paaralan at pasilidad sa pangangalaga sa bata? Paano maibibigay ang pangangalaga sa bata kung ang mga paaralan ay pisikal na sarado pa pero muling magbubukas ang mga negosyo?**

Nagtatrabahong husto ang NYC upang planuhin ang mga susunod na yugto ng pagtugon sa COVID-19 pero wala pa itong petsa para sa muling pagbubukas ng mga paaralan at pangangalaga sa bata.

**Bibisita ba ang mga inspektor ng Lungsod upang kumpirmahin ang pagsunod?**

Oo. Tuturuan ang Lungsod ng New York ang mga negosyo kung paano sumunod sa mga kinakailangan ng muling pagbubukas. Maaaring bumisita ang mga inspektor sa mga negosyo upang itaguyod ang pagsunod.

**Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon.**

7.15.20